Bukod sa mga ito, higit na mahalaga ang pagsasa-P/Filipino ng pagtuturo, pananaliksik at paglalathala sa mga kolehiyo at unibersidad. Ito ay isinasagawa na sa pinakaimportanteng mga unibersidad sa Kamaynilaan, higit sa lahat sa U.P., kung saan inilunsad ni Pangulong Abueva ang "patakaran sa wika," na ipinagpatuloy naman ni Pangulong Javier, kasama ang pagpapaibayo sa Sentro ng Wika sa buong U.P. Sistema. Kaugnay nito, kailangan din ang pagsasa-P/Filipino ng mga agham upang ang mga ito'y maging bahagi ng kalinangan ng bayan. Sa pamamagitan nito, magiging mabilis ang pagpasok ng mga pagbabago sa agham at mahihimok ang paglikha at pagtuklas ng bago sa agham sa loob ng ating lipunan at kabihasnan. Ibig sabihin kailangang maiugat sa ating lipunan at kabihasnan ang mga tradisyong siyentipiko, "matitigas" o "malalambot" na agham man ito o hindi. Ang pangunguna sa kilusang ito ay ginampanan ng mga agham panlipunan, higit sa lahat ng Kasaysayan at ng Sikolohiya sa U.P.

Lahat ng ito ay mga panimulang hakbang tungo sa pagbuo ng Kabihasnang Pambansa na may Pantayong pananaw.

# Kaalamang Bayang Dalumat ng Pagkataong Pilipino*

**Prospero R. Covar**

*(Lekturang propesoryal bilang tagapaghawak ng Kaalamang Bayang Pag-aaral sa taong 1992. Departamento ng Antropolohiya Dalubhasaan ng Agham Panlipunan at Pilosopiya. Unibersidad ng Pilipinas. Binigkas sa Bulwagang Rizal, U.P. Diliman, Lunsod Quezon, Ika-3 ng Marso 1993.)*

## Panimula

Hangarin ng disiplinang antropolohiya na pag-aralan ang likas na tao, kasama na rito ang pagdalumat ng pagkataong Pilipino.[1] Di gaya ng siyensa na may pretensyong panukat na unibersal, ang gagamitin kong parametro ay kaalamang bayang dalumat.[2] Kaya't ang pagkataong Pilipino ay tatangkain kong isalarawan ayon sa konteksto ng kulturang Pilipino.[3] Sa ganitong ehersisyo, ang mapapala ay pag-uugnay-ugnay ng mga pangyayaring nagtatalaban sa isang larangan [4]—ang pagkataong Pilipino at ang mga salik nito.

## Pagkatao at Katauhan

May kasabihan ang mga Pilipino na: "*Madali ang maging tao; mahirap magpaka-tao.*"[5] Ang pagiging tao ay isang prosesong bayolohikal. Ang pagpapakatao ay naaayon naman sa prosesong kultural. Sa papel na ito ang prosesong kultural ang binibigyan ng diin.

Ang salitang tao ay pangngalan. Ito ay tumatanggap ng iba't ibang panlapi upang makapagsaad ng iba't ibang kahulugan. Halimbawa: maka-tao; t-um-ao; tau-han. Ayon kay Ramos[6] , "ang ka-han kapag inilapi sa isang salitang-ugat ay nagpapahayag

* inilathala sa *DILIMAN REVIEW Vol. 41, No. 1* 1993, pah. 5-11


ng kaisipang basal (abstract).” Kung gayon, ang ka-tau-han ay nangangahulugan ng “kabasalan ng diwang taglay ng salitang-ugat,” [7] i.e. tao. Sa Ingles, ang salin ko ng katauhan ay ‘humanity’; ayon kay Miranda, ‘humanhood’ [8]. Dahilan dito, ang salitang pagkatao ay angkop na konsepto bilang ‘personhood’ o pagiging taong Pilipino. Ayon kay Santiago at Tiangco ang pagka- “ay tumutukoy sa kalikasan ng tao, hayop o bagay.”[9] Ganito ang gamit ng pagka- sa pariralang pagkataong Pilipino, i.e. Pilipinong tao.

## Metapora ng Katawan at Banga

Sa Bibliyang paniniwala, ang tao ay nagmula sa isang kipil na putik, hiningahan ng Maykapal at naging si Adan[10]. Ito ay palasak na pananampalatayang Kristiano. Sa panitikan, ang tao ay parang luwad na maaaring gawing iba’t ibang hugis at anyo. May kaugalian naman tungkol sa paglilibing na ang nagsisidalo ay kumukuha ng isang dakot na lupa at inihahagis sa ibabaw ng kabaong na namatay bilang pagkilala sa pananaw na “*sa alabok ka nagmula at sa alabok ka rin babalik.”* Ang pag-aalay ng bulaklak sa kabaong habang ito’y ibinababa sa puntod ay nagiging kaugalian na rin. Ang bulaklak ay nagiging lupa na rin.

Sa makatotohanang pangungusap, sa putik nagbuhat ang banga, sa matalinhagang pangungusap naman, ang tao ay sa putik rin naman nagmula. Ang katawan ng tao ay parang isang banga. Ang banga ay may labas, loob, at ilalim. Gayundin naman ang kaluluwa ng tao. Sisidlan na banga. Ang laman nito ay kaluluwa. Sa ilalim tumatahan ang kaluuwa kaniig ang budhi.

Ang Iskima Blg. 1.0 ay isa lamang paraan ng pagsasalarawan. Ang pag-uugnay ng iba’t ibang konsepto ay isang pagtatangka na makabuo ng isang sistema o teorya tungkol sa pagkataong Pilipino.




**Eskima Blg. 1.0**
***Istruktura ng Pagkataong Pilipino***





**Sa mukha nasasalamin ang samu’t saring karanasan.**

**Salamin ang mukha ng damdami’t kalooban ng pagkataong**

**nililok ng kulturang karanasan**

## Labas, Loob at Lalim

Tambalang lapit ang pamamaraan sa pagdalumat ng pagkataong Pilipino. Kung may labas, may loob; kung may kaluluwa, may budhi. Kaipala nahahayag sa mahahalagang bahagi ng ating katawan ang labas, loob, at lalim, gaya ng sumusunod na tambalan na matatagpuan sa Iskima 2.0.

| **Labas** | **Loob** |
|---|---|
| mukha<br>dibdib<br>tiyan<br>sikmura | isipan<br>puso<br>bituka<br>atay |
| **Lalim** | |
| kaluluwa | budhi |

**Eskima Blg. 2.0**
***Tambalang Labas, Loob at Lalim***

Ang tambalang lapit ang nagbuyo sa akin na saliksikin ang konsepto ng taong panglabas. Sumulat ako ng isang patulang sanaysay na may pamagat na “*Mukha*.” Ito ay isa sa tatlong sanaysay na kusang kinomisyon ng Cultural Center of the Philippines para sa kanilang exhibit na ang pamagat ay “Pansariling Likha (Art in Private Spaces).”[11]

Sa madaling sabi, sa mukha, nasasalamin ang samu’t saring karanasan. Salamin ang mukha ng damdami’t kalooban ng pagkataong nililok ng kulturang karanasan.

Ang loob ang pinag-ukulan na ng di iilang pag-aaral. Una rito si Kaut[12] na pinag-ukulan ng pansin ang konsepto ng utang-na-loob sa isang bayan ng Bulakan. Sinundan ito ng pag-aaral nina Lynch at Hollsteiner[13] na ginagawang isa sa tatlong pangunahing pagpapahalaga ang pagtanaw ng utang-na-loob para sa mga Pilipino.

Si Ileto sa kanyang aklat na Pasyon and Revolution[14] ay tiningnan ang lakas ng loob sa konteksto ng kasaysayan. Si de Mesa nama’y pinag-aralan ang teolohiya—ang loob ng Diyos sa tao at tao sa Dios.[15] Sinaliksik ni Salazar[16] ang konsepto ng loob at labas, at si Enriquez[17] naman ang yaman ng kalooban. Si Alejo ay nagsabi na ang loob ay may laman, lalim, at lawak.[18]

Malalim at malawak ang pinag-uugatan ng konseptong loob. Mula sa salitang-ugat na loob, nakagagawa tayo ng mga salitang: Kalooban ng Dios, saloobin, kaloob, looban, magandang loob, atbp. Sa tesis ni Alejo [19] ay mayroon siyang inilakip na listahan mula

sa Diccionario ni Sofronio Calderon na apat na pahina tungkol sa gamit ng loob na siya mismo ay may malayang pagtitipon na ang dami ay isang daan at tatlumpu't walo. Si Mercado[20] naman ay klinasipay ang mga konseptong may kaugnayan sa loob sa limang kategorya: intelektwal, emosyonal, bolisyunal, etikal, at sari-sari.

Sa ganang akin, ang konsepto ng loob ay nagiging malinaw kung ito'y ilalarawan sa konstep ng sisidlan. Ang sisidlan ay may loob at may labas. Ang loob ay nilalagyan ng laman. Isang libo't isang laksa ang maaaring ilaman sa loob. Gayundin ang sa ating loob at kalooban.

## Pagtatakda ng mga Bahagi ng Katawan

Apat na pares ng mga bahagi ng katawan ang nagtatakda ng pagkataong Pilipino. Ang tambalan ay nabuo ayon sa konseptong tambalan ng labas at loob. Pansinin na may kani-kaniyang katangiang gamit ang bawat bahagi ng katawan. Nangangailangan pa ito ng higit na malalim na pagdudukal. Babanggit lamang ako ng ilang halimbawa.

## Mukha at Isipan

Bawat bahagi ng mukha ay may sari-sariling kakanyahan: noo, kilay, pilik-mata, mata, ilong, bibig, labi, dila, ngipin, nguso, baba, at pisngi. Tingnan natin ang ilang matalinhagang kakanyahan ng bawat isa:



Larawan Blg. 1.0
***Lorem ipsum***

Malapad ang noo….. matalino
Salubong ang kilay….. matapang, galit, mainitin ang ulo
Tingin na mata ay may iba't ibang pakahulugan gaya ng:
Malagkit ang tingin…….
may pag-ibig na ipinaparating
Nakatutunaw na tingin….
tingin may tangka
Matangos ang ilong…….
magara, magilas, ilong Kastila
Maduming bibig……
masamang magsalita
Ngiping nagngangalit…..
nanggigigil
Ang nguso ay labing gamit na panturo…. hindi taos sa puso ang paggawa ng isang bagay ng taong pangunguso.
Sa pisngi idinadampi ang halik; sa pisngi ipinaaabot ang mag-asawang sampal.

Sa kabuuan, may sarili ring kakanyahan ang mukha gaya halimbawa ng hayag na mukha na walang tinatago o dili kaya ay walang mukhang ipakita-kahiya-hiya. Masasabi natin ang mukhang Pilipino ay mukhang nangungusap ng sariling pagkatao ayon sa kapahayagan ng iba't ibang bahagi ng mukha.

Ang isipan na katambal ng mukha ang siya ko naman pag-uukulan ng pansin. Nakaugnay sa utak ang isipan. Ang isip ang pinagmumulan ng diwa, kamalayan, ulirat, talino, at bait. Sa pag-iisip din nakasalalay ang pang-unawa. Mayroon tayong mga parirala gaya ng mga sumusunod: mataas mag-isip, walang malay, walang bait, walang ulirat, matalino, bukas ang kamalyan, atbp. Ang pag-iisip na ito ay hindi lamang nahahayag sa kanyang intensyon kundi lalong higit sa kanyang pagkilos at gawa. Ang kilos ng isang tao ay masasabi nating pino, magaspang, garapal, magaslaw, makatao, maka-Dios, at makabayan. Ang mga ito ay kapahayagan din ng pagkatao.

## Dibdib at Puso

Ang pag-aasawa sa mga Pilipino ay tinutukoy na pag-iisang dibdib at hindi pag-iisang puso. Marahil ang pag-aasawa ay dapat dibdiban at hindi isang biro. Maliban sa dibdiban mayroon din tayong ginagamit na maluwat ang dibdib, masikip ang dibdib, at mababang dibdib. Ang mababang dibdib ay walang kinalaman sa malaki ang hinaharap. Ang dibdib ang pandama ng damdamin.

Sa kanluranin ang puso ang kaugnay ng buhay. Ang pagtibok ng puso ay tanda ng buhay, hindi tulad natin na ang buhay ay nakaugnay sa pagsanib ng kaluluwa at pagkalagot ng hininga. Di kaila ang mga pariralang: matabang puso, pusong bato, walang puso, isa-

puso at mahabaging puso. Ang mga ito ay mga uri rin ng pagkatao.

### Tiyan at Bituka

Kakaunti ang talinhaga na may kaugnayan sa tiyan at bituka. Ang pariralang malaki ang tiyan ay maaaring mangahulugan ng: busog, matakaw, may bulate sa tiyan, o mapagkamkam. Ang katambal nito na maliit o walang tiyan ay maaaring: gutom, mahirap, o kulang sa kain.

Ang bitukang sala-salabid naman ay nangangahulugan ng buhay na punong-puno ng balakid. Ito'y naglalarawan ng kalagayan ng pagkatao.

**Sa kanluranin ang puso ang kaugnay ng buhay. Ang pagtibok ng puso ay tanda ng buhay, hindi tulad natin na ang buhay ay nakaugnay sa pagsanib ng kaluluwa at pagkalagot ng hinginga.**

### Sikmura at Atay

Ang mga pariralang nakaugnay sa sikmura ay mga ito: masama, malakas, mahapdi o maasim. Ang sikmurang masama ay nangangahulugan ng di-mabuting pakiramdam. Ang mahapding sikmura o nangangasim ay nangangahulugan na hindi matanggap ang isang bahay. Malakas ang sikmura ng isang tao kung natatanggap niyang lahat, lalo na yaong karimarimarim na bagay o pangyayari.

Ang "*hindi ko ma-take*" ay isang expresyon ng mga kabataan na ang ibig sabihin ay hindi matanggap subalit ang kahulugan nito'y mababaw kaysa hindi ko masikmura. Sa kabuuan ang sikmura ay may kinalaman sa pagduwal o pagsusuka o di matanggap ng sikmura ang pagkaing nilulon. Ang sikmura ay bahagi ng katawan na ginagamit na pantantiya ng damdamin, pag-iisip, kilos, at gawa ng ibang tao.

Sa katutubong pamayanan, ang atay ay ginagamit na panawas sa mambubunong upang matamo ang magiging kapalaran ng isang desisyon gaya halimbawa kung itutuloy ang pagdaraos ng pishit o pangangaso. Ito ay may kinalaman sa kulay ng atay. Ang madilaw na atay ay nangangahulugan na magiging matagumpay ang isagawang balak; ang maitim na atay ay sakuna ang susuungin. Gayundin, ang taong maitim ang atay ay walang pakundangan sa kaniyang ginagawa.

Sa aking palagay, ang paglalarawan ng pagkataong Pilipino bilang banga na may labas at loob ay nagsimula sa Niyolitikong panahon[21]. Tambok dito ang paglilok ng lalagyang banga. Segun sa namamayaning kultura ang katawan ng tao ay inihahambing bilang isang lalagyan. Ang katawan bilang lalagyan ay nilamanan ng kaluluwa at budhi[22]. Ito ang aking isasaalang-alang sa mga sumusunod na pagtalakay.

### Kaluluwa at Budhi

Ayon sa tesauro ni Panganiban[23] ang salitang kaluluwa ay palasak sa iba't ibang wikang katutubo sa Pilipinas—Tag. kaluluwa; Bk. Hlg. Sb. Sl kalag; Kpm. kaladua; Ibg. ikarwa; karururua; Ilk. kararua; Mar. aroak; Png. kamarerwa; Ng. kaelwa;[24] Al. Png. kadua;

Sa pag-aaral ni Manuel[25] ang mga salitang kaluluwa, ikararuwa o kararua at inikaduwa ay buhat sa salitang duwa, 'two' dahilan sa dalawa ang kalagayan nito: una ay ang tambalan ng kaluluwa at katawan, at ang pangalawa ay ang pansariling kalagayan ng kaluluwa.[26]

Sa pag-aaral naman ni Salazar,[27] ang kaluluwa ay batis ng buhay at ginhawa. Ang Cebuanong salitang ginhawa ay hininga ang salin sa Tagalog. Ang mga Pilipino ay naniniwala na ang pagkamatay ng isang tao ay dahilan sa pagkalagot ng kaniyang hininga.

Kung namamatay ang tao, ang kaniyang kaluluwa ay yumayao o pumapanaw. Ang kaluluwa ay kumakalag (Bk. Hlg. Sb. Sl. kalag) sa katawan ng tao. Sa sementerio ay madalas nating makita ang acronymn sa SLN na ang basag ay "Sumalangit Nawa." Ang nawa sa Malayo-Polynesia ay nawa sa lumang Tagalog na tumutukoy sa espiritu o kaluluwa. Kung gayon, ang tahasang kahulugan ng SLN ay "ang nawa, kalag, kaluluwa, anito, espiritu, atbp., sana ay sumalangit." Ang salitang yawa sa Cebuano ay masamang uri ng kaluluwa.

Ang kaluluwa ng tao kapagka pumanaw ay nagiging anito. Dalawang uri ang anito: (1) ang anito ng ating ninuno, at (2) anitong nagbabantay ng kalikasan. Sa Benguet ay mayroon silang tinatawag na *puun ti balay* (ances-tral house). Ito ang pinaglalagakan ng mga kagamitan ng yumao. Dito rin naninirahan ang anito ng mga ninuno[28].

Ang *puun ti balay* ay mayroon ding iniingatang *chilos*. Ito'y uri ng ritwal na dapat gampanan pana-panahon ng mga kamag-anakan ng yumao. Upang maipatupad ito, mayroong lupang ipinamana na ang kita ay ginugugol sa paghahanda taun-taon.

Ang pag-alis ng kaluluwa sa katawan ng tao ay maaaring pansamantala lamang. Ito'y siyang nagdudulot ng pagkakasakit o pagkawala ng malay o bait.

Pwede ring maglagalag ang kaluluwa kung natutulog ang tao sa pamamagitan ng panaginip[29] o kung ito'y "*in a state of trance*".[30]

Sa pansamantalang pagkawala ng kaluluwa sa katawan ng tao, maaaring ang isang katawan ay mapasukan ng ibang kaluluwa. Ang ganitong penomenon ay tinaguriang langkap, sapi, sanib. Ang kaluluwa na sumasapi o lumalangkap ay siyang nagpapagalaw ng tao. Ang katawan ng tao ay nagiging kasangkapan ng kaluluwang lumalangkap o sumasapi. Tingnan ang mga sumusunod na basahin: Abrera[31], Lieban[32], Tan[33], Terada[34].

Nuong unang panahon at magpahanggang ngayon, ang babaylan, baglan, katalonan, mambunong, talaytayan ang nakapag-aalis ng langkap, o sapi sa pamamagitan ng karapatang ritwal gaya ng tawas, pagbuhos ng kumukulong tubig sa katawan ng sinasapian na hindi ito nalalapnusan o pag-ipit ng mga daliri ng sinasapian, nagagalaw o linalangkapan. Ibinabalik nila ang dating kaluluwa ng may katawan.

Ang pagkataong Pilipino sa konteksto ng kaluluwa ay may ilang tambalang kategorya: (1) maganda/pangit na kaluluwa; (2) matuwid/ halang na kaluluwa; at (3) dalisay/maitim na kaluluwa.

Ang budhi ay katambal ng kaluluwa. Kung ang kaluluwa ay siyang nagpapagalaw ng buhay, ang budhi naman ay siyang humuhusga sa buhay na naganap na[35]. Ang budhi ay nag-uusig at siya ring umuukilkil. Ang pagsisisi at paghingi ng kapatawaran, pati na rin ang pagbabayad ng anumang masamang nagawa ang maaaring magpatigil sa budhi sa pagpapatuloy ng pang-uusig at pang-uukilkil nito. Marahil ito ang kalagayan ng mga kaluluwang ligaw, ligalig, lagalag kaya hindi matahimik hanggang hindi makapagparamdam at ipinagdarasal.

Sa aking hinuha, ang budhi ay hindi kaparis ng konsiyensya. Katulad ng budhi, may sapantaha akong ito'y bagong salta sa ating wika at kamalayan. Sa aking palagay, ang lokasyon ng konsiyensya ay malapit sa kaisipan. Ito ang nagtutulak sa paggawa ng mabuti o masama at nag-uusig kung masama ang nagawa. Ang lokasyon ng budhi katulad ng kaluluwa ay laganap sa buong katauhan ng pagkatao, sa ilalim o kaibuturan. Tulad ng loob hindi natin maapuhap o maipupuwesto ang mga ito sa parte ng ating katawan.

Ang talaban ng kaluluwa at budhi sa isang dako; at loob at labas sa kabilang ibayo, ang siyang kinasasadlakan ng iba't ibang pagkatao na may iba't ibang damdamin, isipan, kilos, at gawa[36].

## Tatlong Persona

Ang katalusan ng aking pag-aaral tungkol sa pagkataong Pilipino, i.e., talaban ng loob at labas; budhi at kaluluwa ay pinatotohanan[37] ng aking pag-aaral ng Retablo ng Paniniwala[38]. Sa doktrina ng Simabahang Kristiana, ang Tres Persona ay binubuo ng Dios Ama, Anak, at Espiritu Santo. Kaipala ito ay hindi nauunawaan ng maraming tao. 'Di iilan ang nagtataka na ito ay intindihan. Isa rito ang pagtanggap ng Santicima Trinidad bilang konsistoryo ng tatlong persona. Ang tatlong persona ay naging Dios Ama, Dios Ina, at Dios Anak. Naging bayolohikal ang pinag-uugatan ng Santicima Trinidad. Dahilan sa sila ay persona, ang bawat persona sa kanila ay mayroong katawan at kaluluwa.

## Katutubong Teolohiya

Ang Santicima Trinidad, ayon sa paniniwala o mito ay isang konsistoryo. Ang konsistoryo ang nagdedesisyon sa mga mahahalagang gawain gaya ng paglalang ng mundo o paglalang ng tao sa mundo. Konsistoryo rin ang nagdesisyon kung bakit ang Dios Ama, Dios Anak at Dios Ina ang naghari sa sanlibutan ayon sa kani-kanilang kapanahunan. Ang unang panahon ay ang kinikilalang paghahari sa mundo ng Dios Ama sa pamamagitan ng Banal na Tinig. Sumunod ang Dios Anak na nagligtas sa sangkatauhan sa pamamagitan ng pagkakatawang tao at pagkabayubay sa krus. Dahil sa ngayon naman ay panahon ng *women's liberation* kaya dapat lamang na ang maghari ay ang Dios Ina. Ang panahon ng Dios Ina ang pinakahuling pagkakataon upang magbalik-loob ang sangkatauhan mula kay Abraham. Subalit sa Pilipinas, patuloy pa rin dumadating ang tatlong kadiosan ng Santicima Trinidad sa pamamagitan ng kani-kanilang banal na espiritu. Ang pamamaraang ginagamit nila sa ngayon ay ang "*spirit possession*"[39]. Kaya't maraming pinagpalang lalake, babae (Viz, babaylan, talaktayan, mediums, atbp.) ang linalangkapan ng Dios Ama, Ina, at Anak.

## Sikolohiya ng Pagkataong Pilipino

Aking natalos na nababago ang pagkatao ng isang Pilipino kung siya ay linalangkapan, sinasapian, o sinasaniban. Ang paliwanag ni Bulatao sa pagbabago ng pagkatao ay *altered state of consciousness*[40]. Ngunit ito ay nananatiling isang hinuha lamang sapagkat hindi pa natin talos kung anong prosesong pisikal ang nagbabago. Kung baga, nananatili tayong nakagapos sa mga palantandaan lamang. Ang palantandaan ay ipinahihiwatig sa pagbabago ng damdamin, isipan, kilos, gawa, pati na ang wika. Ang mga pagbabagong ito kaipala ay itinatakda ng iba't ibang bahagi ng katawan, at ng kaluluwa. Sa madaling salita, may dalawang klase ng pagkataong Pilipino na pinatotoohan ng pag-aaral na ito: (1) likas na pagkatao at (2) pagkataong may sapi. Marahil marami pang kategorya ng pagkatao ang ating matatalos sa pamamagitan ng malawak at malalim na pag-aaral[41].

## Paglalagom

Si Salazar[42] at Enriquez[43] ay sumulat na ng ilang batayan para sa isang Sikolohiyang Pilipino. Ang mithiin ng aking lekturang propesoryal na ito ay upang maki-ambag sa paghahawan ng madawag na larangan ng pagkataong Pilipino. Itinatakda ng lekturang ito ang katawan ng tao bilang isang banga; may labas, loob, at lalim; at pinapagagalaw ng talaban ng budhi at kaluluwa. Kaalamang bayang ang dalumat na pinaiiral sa pagkilala ng mga salik ng Pagkataong Pilipino.

---

[1] *Pilipino ang turing sa tao; Filipino ang wika; at Pilipinas ang bansa*

[2] *Sa Ingles, ang salin ay* ***folkloric analysis***

[3] *Sa mga nagtatanong kung mayroon na bang Kulturang Pilipino. Ito ay kalakarang umiiral sa ating kapaligiran, pati na rin ang nakaraan.*

[4] *Hangganan ng penomeno.*

[5] *Karaniwang siyam na buwan ang tagal bago ipanganak ang isang tao; habang buhay naman ang pagpapakatao.*

[6] *Teresita V. Ramos,* ***Makabagong Balarila ng Pilipino****, (Manila: Rex Book Store, 1971), p.63. Inedit ni Ernesto Constantino at isinalin, isinaayos at dinagdagan nina Maxima N. Jorda at Lydia F. Gonzales.*

[7] *Alfonso O. Santiago at Norma G. Tiangco,* ***Makabagong Balarilang Pilipino****, (Manila: Rex Book Store, 1991), p. 160*

[8] *Dionisio M. Miranda , SVD,* ***Loob: The Filipino Within****, (Manila: Divine Word Publications, 1989), p.28.*

[9] *Op. cit., p. 166.*

[10] *Genesis 1:26-31; 2:21-23.*

[11] *Prospero R. Covar, Mukha,* ***Tatlong Sanaysay*** *(Manila, Cultural Center of the Philippines, 1988) , pp. 19-25.*

[12] *Charles R. Kaut, Utang na Loob, A System of Contractual Obligations Among Tagalogs,* ***Southwestern Journal of Anthropology****, 1961, Vol. 17.*

[13] *Frank Lynch and Alfonso de Guzman 11 (Eds.),* ***Four Readings on Philippine Values****, (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1970), 146 pp.*

[14] *Reynaldo Clemena Ileto,* ***Pasyon and Revolution****, (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1989), 280 pp.*

[15] *Jose de Mesa, Loob and Prayer,* ***Ministry Today****, 1986, Vol. 2 No. 1 January-March, pp. 42-50.*

[16] *Zeus Salazar, Ang Kamalayan at Kaluluwa: Isang Paglilinaw ng Ilang Konsepto sa Kinagisnang Sikolohiya,* ***Sikolohiyang Pilipino Teorya, Metodo, at Gamit****, Inedit ni Rogelia Pe-pua, (Lunsod Quezon: Surian ng Sikolohiyang Pilipino, 1982), Pp.83-92*

[17] *Virgilio G. Enriquez, Lakas ng Loob: Inner Resource for Change; The Filipino Self-Image and the Blessings of Utang na Loob,* ***From Colonial to Liberation Psychology: The Philippine Experience****, (Quezon City: University of the Philippines Press, 1992) Pp. 72; 66-68 respectively.*

[18] *Albert Alejo,* ***Tao Po Tuloy****, (Office of the Research and Publications, Ateneo de Manila University, 1990), Pp. 151*

[19] *______,* ***Hermeneutika ng Loob*** *(Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1988), (M.A. Thesis in Philosophy).*

[20] *Leonardo N. Mercado, SVD,* ***Elements of Filipino Philosophy*** *(Tacloban City: Divine Word University Press, 1974), 244 pp.*

[21] *Ang Katalusang ito ay base sa bangang Manunggul na may tandang 890 B.C*

[22] *Ang takip ng bangang Manunggul ay may ukit na dalawang namamangka. Sa aking palagay, ito'y pagsasalarawan ng katutubong paniniwala tungkol sa kaluluwa. Ang kalansay ng yumao ay inilalagay sa banga at inililibing sa kweba ng Manunggul.*

[23] *Jose Villa Panganiban,* ***Diksyunario-Tesauro Pilipino-Ingles****, (Lunsod Quezon: Manlapaz Publishion Co., 1972), 1027 pp.*

[24] *Shimizu Hiromu, Communicating With Spirits: The Study of Manganito Séance Among the South-western Pinatibo Negritos,* ***East Asia Cultural Studies****, 1983, Vol. XXII, Nos. 1-4, pp. 129-167.*

[25] *E. Arsenio Manuel, On the Etymology of the Tagalog Word: Kaluluwa,* ***St. Louis Univeristy Research Journal****, 1982, Vol. XIII, No. 4.*

[26] *Francisco R. Demetrio S.J., Gilda Cordero-Fernando at Fernando N. Zialcita,* ***The Sould Book****, (Quezon City GCF Books, 1991), p. 95.*

[27] *Zeus Salazar, Ang Kamalayan at Kaluluwa: Isang Paglilinaw ng Ilang Konsepto sa Kinagisnang Sikolohiya,* ***Sikolohiyang Pilipino Teorya, Metodo at Gamit****, Inedit ni Rogelia Pe-pua, (Lunsod Quezon: Surian ng Sikolohiyang Pilipino, 1982), pp. 83-92.*

[28] *Martha Carmel Flor Chanco, Feast and Ritual Among the Karao of Eastern Benguet, (U.P Diliman, Department of Anthropology, 1980), 163 pp. (M.A. Anthropology thesis)*

[29] *Vicente Marasigan S.J. Dreams,* ***Ministry Today****, 1986, Vol. 2 No. 1, January-March, pp. 20-24.*

[30] *Mircea Eliade,* ***Shamanism****, (U.S.: Princeton University Press, 1974), 610 pp.*

[31] *Ma. Bernadette G. Lorenzo-Abrera, Ang Numismatika ng Anting-anting, (Lunsod Quezon: Dulabhasaan ng Agham Panlipunan at Pilosopiya, 1992), 392, (M.A. History Thesis)*

[32] *Richard W. Lieban, Sorcery, Illness and Social Control in a Philippine Municipality,* ***Southwestern Journal of Anthropology****, Vol. XVI pp.127-143*

[33] *Michael L. Tan, Usug, Kulam, Pasma Traditional Concepts of Health Illness in the Philippines, Quezon City: Alay Kapwa Kilusang Pangkalusugan, 1987), 116 pp.*

[34] *Takefumi Terada. The Spirit Cult of Sto. Niño, (Quezon City: U.P. CSSP, 1987), 207 pp. (PhD. Dissertation, Philippine Studies, Draft)*

[35] *Dionisio M. Miranda, SVD,* ***Loob: The Filipino Within****, (Manila: Divine Word Publications, 1989), 134 pp.*

[36] *Ito ang tututukang paksa ni Nenita D. Pambid sa kanyang disertasyong may kinalaman sa pagkataong Tagalog na nakapaloob sa panitikan ni G. Francisco Balagtas nang dantaong labing siyam.*

[37] *Serafin D. Talisayon. Concepts of Validity (Patotoo) Among Some Indigenous Filipino Spiritual Groups, (Asian Center: Philippine Studies Program, U.P., 1991), 15 pp. Typescript*

[38] *Prospero R. Covar,* ***Retablo ng Paniniwala, Tatlong Sanaysay****, (Manila: Cultural Center of the Philippines, 1988), pp. 37-43*

[39] *Jaime G. Bulatao, S.J. Local Cases of Possession and Their Care,* ***Phenomena and Their Interpretation****,*

*(Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1992). ppp. 84-90/*

[40] *____, Altered State of Consciousness in Philippine Religion,* ***Phenomena and Their Interpretation****, (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1992), pp. 126-134*

[41] *Ang Bahay Saliksikan ng Pilipinolohiyang Simulain ay maglulunsad ng pag-aaral sa Pagkataong Pilipino simula sa 3 Marso, 1993 hanggang sa katapusan ng taong dalawang libo, na may perspektibong tawid-kulturang pamamangka.*

[42] *Zeus Salazar, Ilang Batayan para sa Isang Sikolohiyang Pilipino,* ***Sikolohiyang Pilipino, Teorya, Metodo, at Gamit****, Inedit ni Rogelia Pe-pua, (Lunsod: Quezon: Surian ng Sikolohiyang Pilipino, 1982), pp. 64-82*

[43] *Virgilio G. Enriquez, Mga Batayan ng Sikolohiyang Pilipino sa Kultura at Kasaysayan,* ***Sikolohiyang Pilipino, Teorya, Metodo, at Gamit****,*

# Ang Wikang Katutubo at ang Kamalayang Filipino*

**Bienvenido Lumbera**

Isang kundiman mula sa panahon ng Rebolusyong 1896 ang naghahandog sa ating pagtitipon ng kabalintunaang nakalakip sa aking paksain ngayong hapon. Kung susuriin ang bawat salita sa awit na sisipiin, walang makapagsasabi na ang mga ito ay may pinupukaw na diwa ng paglaban. Pero ang katunayan ay tinawag itong "Kundiman ng Himagsikan," hindi ng mga taong pinag-aralan ito matapos ang 1896 kundi ng mga mamamayan mismo na umangkin sa awit bilang awit ng kanilang kilusan. Ang tinutukoy ko ay akdang natitiyak kong pamilyar na sa marami, ang "Jocelynang Baliwag."

*Pinopoong sinta niring kaluluwa,*
*Nakakawangis mo'y mabangong sampaga;*
*Dalisay sa linis, dakila sa ganda,*
*Matimyas na bukal ng madlang ligaya.*

*Edeng masanghayang kinaluluklukan*
*Ng galak at tuwang katamistamisan;*
*Hada kang maningning na ang matunghaya'y*
*Masamyong bulaklak agad sumisikal.*

Ganito ang literal na sinasabi ng unang dalawang taludturan ng awit: ikaw na mahal ko, katulad ka ng sampaga, malinis, maganda, bukal na ang daloy ay nagpapaligaya; paraiso kang tirahan ng galak at tuwa, hadang kapag nagsabog ng liwanag sa bulaklak ay agad nakapagpapahalimuyak.

Sinasabing isang dalagang nagngangalang Pepita Tiongson y Lara ng bayan ng Baliwag, Bulacan, ang pinag-ukulan ng kundiman. Paano kaya ito naging "kundiman

* Inilathala sa *Writing the Nation / Pag-akda ng Bansa*. Lunsod Quezon: University of the Philippines Press, 2000 pah. 96-104.